

# ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

## TESTIMONIAL AIDS PARA SA MGA BATANG BIKTIMA AT MGA SAKSI

### Ano ang testimonial aids?

Ang *Criminal Code (Kodigo Kriminal)* ay may ilang mga probisyon upang protektahan ang mga batang biktima at mga saksi na wala pang 18-taong-gulang, at ginagawa nitong mas madali para sa kanila na ibigay ang kanilang testigo. Ginagawang mas madali ng testimonial aids para sa mga biktima at mga saksi na tumestigo sa isang kriminal na kaso. Halimbawa:

- Ang mga batang biktima at mga saksi ay maaaring tumestigo sa labas ng hukuman gamit ang **closed-circuit TV** o sa loob ng hukuman pero sa likod ng isang **screen**, na magpapahintulot sa kanila na hindi makita ang táong akusado.
- Ang mga batang biktima at mga saksi ay maaari ring magkaroon ng **support person** sa tabi nila habang sila'y tumetestigo upang gawin silang mas komportable.

Ang mga sumusunod ay iba pang mga halimbawa ng mga paraan na magagamit ng mga batang biktima at mga saksi, at na makakatulong sa kanila na gawing mas madali ang kanilang pagtestigo:

- Ang lahat o ang ilang mga miyembro ng **publiko ay maaaring palabasin sa hukuman** habang isinasagawa ang buo o ang bahagi ng paglilitis sa hukuman na may kinalaman sa mga batang biktima at mga saksi, o maaari silang tumestigo mula sa **likod ng isang screen o ibang device upang hindi makita ng publiko ang saksi.**

- Ang ebidensiya ng mga batang biktima at mga saksi ay maaaring **i-videotape** bago isagawa ang trial (paglilitis) **at gamitin sa trial** upang hindi nila kailanganing ulitin sa trial ang lahat ng kanilang testigo; at
- **Maaaring magtakda ng isang abogado** upang i-cross-examine ang mga batang saksi kapag kinakatawan ng táong akusado ang kanyang sarili.

### Karapatan ng isang biktima!

Ang *Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)* ay isinabatas noong Hulyo 23, 2015. Ang Batas na ito ay nagbibigay sa bawat biktima, kabilang ang mga batang biktima, ng karapatang ipasaalang-alang ang kanilang seguridad, at karapatang mabigyan ng mga makatwiran at kinakailangang paraan upang protektahan sila mula sa pananakot at paghihiganti. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding karapatang mag-request ng testimonial aid kapag sila'y tumestigo bilang isang saksi sa isang kriminal na hukuman. Ang mga karapatang ito ay bahagi ng karapatan ng isang biktima na magkaroon ng proteksyon.

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHANG IMPORMASYON

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG PROTEKSYON

 ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

 ANG KARAPATAN NA HUMINGI NG RESTITUSYON

 ANG KARAPATAN NA MAGREKLAMO

## Paano ba makakakuha ng testimonial aids ang mga biktima at mga saksi na wala pang 18-taong-gulang?

Maaaring humingi ang isang batang biktima o saksi ng testimonial aid mula sa prosecutor. Pagkatapos ay maaaring hilingin ng prosecutory ang Hukuman para sa mga espesyal na proteksyon na ito bago isagawa ang paglilitis, o kahit kailan habang ginaganap ito. Maaari rin diretsong hingin ng isang biktima o saksi mula sa Hukuman ang testimonial aids.

Kung may request para gumamit ang isang bata ng screen upang hindi niya makita ang táong akusado, upang tumestigo gamit ang closed-circuit television o kasama ng isang support person, o nang may naka-video-tape na ebidensiya, dapat ito iutos ng Hukuman, maliban kung naniniwala ang Hukuman na ito'y makakasagabal sa angkop na administrasyon ng hustisya kapag ito, halimbawa, ay makakaapekto sa mga karapatan ng táong akusado na makakuha ng isang makatwirang paglilitis. Kung kinakatawan ng táong akusado ang kanyang sarili, dapat iutos ng Hukuman na magtakda ng counsel (abogado) para sa anumang cross-examination, maliban kung naniniwala ang Hukuman na kailangang i-cross-examine ng táong akusado ang saksi para sa angkop na administrasyon ng hustisya.

Kung may request na paalisin ang ilan o ang lahat ng mga miyembro ng publiko, o pahintulutan ang batang saksi na tumestigo sa likod ng isang screen upang hindi siya makita ng publiko, dapat isaalang-alang ng Hukuman ang mga kagustuhan ng mga saksi na wala pang 18-taong-gulang. Isasaalang-alang din ng Hukuman ang factors tulad ng paghihikayat na magreport ng mga pagkakasala, kung ang utos ay kinakailangan para sa security ng witness, o upang protektahan siya mula sa pananakot o paghihiganti, at kung makakapagtestigo ang saksi nang hindi ibinibigay ang utos.

## Maaari bang hindi pumayag ang táong akusado sa paggamit ng alinman sa mga paraang ito?

Ang mga probisyon ng *Criminal Code* ay isinagawa upang protektahan ang mga batang biktima at mga saksi, at gawing mas madali para sa kanila na tumestigo habang nire respeto ang mga karapatan ng mga táong akusado. Sa ilang mga kaso, maaaring tanggihan o limitahan ng mga Hukuman ang paggamit ng testimonial aids na ito upang protektahan ang mga karapatan ng táong akusado na magkaroon ng isang makatwirang paglilitis.

---

## Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang taong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

<http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html>